

PROLOGUE

Yam,

If you found this letter then it means tinulungan ka na rin ni Laila sa wakas and I'm glad. I guess, nasabi niya na rin sa 'yo ang kondisyon ko.

I hope you understand. Gusto ko lang makasiguro na sa pagkakataong ito, hindi mo 'ko hinanap dahil lamang kaibigan mo 'ko at nakokonsyensa ka sa ginawa mo sa 'kin. I don't mind all of that, honestly. Ni minsan hindi ko pinagsisihan ang bawat luha na pumatak sa mga mata ko nang dahil sa 'yo.

Gusto kong kapag bumalik ka sa 'kin ay sigurado kang handa kang suklian ang pagmamahal ko. Dahil sa ngayon, hindi lang ang sarili ko ang dapat kong isipin.

Kapag nahanap mo ako, kailangan mong maipakita ang lahat ng sulat na iniwan ko sa mga lugar na napuntahan ko. Iyon lang ang tanging hiling ko bago ka tanggapin muli sa buhay ko.

Cam

Tapos nang basahin ni Aleana ang scanned letter na in-email sa kanya ni Mya, pero nakatutok pa rin doon ang mga mata niya. Ang sulat ni Cam ay may address na nakapangalan sa isang Ramon Medrano at nakatira sa Mahogany Place, Banilad, Cebu City.

Hindi makapaniwala si Aleana. Sino ang mag-aakalang sa kagustuhan niyang mahanap ang isang Cam Trinidad ay mukhang lilibutin niya pa yata ang buong Pilipinas?

At gagawin niya iyon para sa ama na labis niyang minamahal. Nang magkaroon ito ng mild stroke at napansin ang pananamlay nito ay nabahala na siyang talaga. Idagdag pa ang nadiskubreng love letter na galing kay Cam Trinidad. At dahil mahal na mahal niya ang ama, siya na ang umakong hanapin ang babae. Malakas ang hinala niyang may kinalaman ito sa depression ng ama. Natatakot siyang baka lumala ang pananamlay nito at maging sanhi ng malubha nitong kalagayan.

She found the first letter at Trinidad's old home— Cam's foster family. Pero nag-migrate na sa ibang bansa ang pamilya Trinidad kaya ibang tao na ang tumulong sa kanila ni Mya na kanyang assistant. Kinailangan niya ang tulong nito dahil nagkaroon

ng emergency ang best friend niyang si Charm sa New York.

Sa pagbabalik-Pilipinas niya ay sumama na rin ang kaibigan sa kanya at nangakong tutulong ito sa paghahanap. Hindi niya inaasahang sa pagtulong ni Charm sa kanya ay matutulungan niya rin ito sa love life nito.

Napangiti si Aleana. Iniwan niya ang babae sa bahay ng mga Olivares, kung saan niya nalaman ang tungkol sa totoong relasyon ng ama niya kay Cam Trinidad. She was her father's best friend. She was also her dad's one true love. Ngunit nagkahiwalay ang mga ito sa kung anong dahilan.

Hindi nila nahanap sa bahay ng mga Olivares ang pangalawang sulat, kundi sa ama niya. She again asked for Mya's help to get the second letter from her dad's room. Nagtagumpay ito at kaagad na pinadala sa kanya through e-mail ang sulat. Nag-check-in siya sa hotel at pagkapasok na pagkapasok ni Aleana sa kuwarto ay binuksan niya agad ang laptop.

Tama nga ang desisyon niyang hanapin si Camelia. Katibayan ang kondisyong isinaad nito sa sulat. Tanggapin pa kaya ng babae ang daddy niya kung siya ang makipagkita rito at magpapakita ng mga sulat?

But then her Dad tried to follow Camelia. Kilala niya ang ama; kapag nagdesisyon ito ay hindi na iyon magbabago pa. So ano ang nangyari nang pumunta ito sa bahay ng nanggangalang 'Ramon Medrano' at nagbago ito ng isip?

Ano ang ginagawa ni Cam sa bahay na iyon? Napatingin siya ulit sa laptop niya. *Dahil sa ngayon, hindi lang sarili ko ang dapat kong isipin*, basa niya sa parteng iyon ng sulat. Ano pa ang dapat nitong isipin bukod sa sarili?

Ang dami mong tinatago, Camelia.

Kinopya niya lang ang address na nakasulat at nang masigurong nai-lock ang pinto ay umalis na siya ng hotel. Kailangan niya nang mapuntahan si Ramon Medrano. Hindi na siya dapat magpatumpik-tumpik pa.

1

“Ateng, sureness na ba iteklavu?” paniniguro ng kaibigan ni Yara na si Mars--hindi short for ‘Mare’ kundi short for ‘Marciano’. Huwag nang isama ang nagmamagandang ‘Junior’ sa huling pangalan nito dahil maghahalo ang balat sa tinalupan. Imbis na magmana sa tatay na kapangalan nito, nagmana sa ina ang gaga. Hindi lang sa ugali kundi pati sa kasarian. Nagpupumilit itong maging babae. Nag-evolve into ‘Mary’ si Marciano sa pagsapit ng gabi.

“Trulili na ’to, becks,” sagot niya habang isinusuksok ang mga damit sa di-kalakihang travel bag.

Sampung damit na lang at tiyak na magkakaroon ng dalawang zipper ang bag niya. Napakaluma kasi ng bag niya, mas marupok pa sa mga dingding ng bahay nila. Minana niya pa kasi iyon sa tatay niyang kalilibing lang dalawang araw na ang nakakalipas. Iyon ang ginagamit nito noong nagtatrabaho pa ito sa construction bago ito naging hardinero.

Nang maalala ang yumaong ama ay umeskapo sa sistema ni Yara ang kadramahan. Pero dali-dali niya rin iyong niligpit. Ang sabi ng tatay niya,

walang mangyayari kung malulungkot siya. Mas mapapakinabangan niya pa raw ang sarili kung iisipin niya ang hinaharap kaysa ang mag-reminisce ng nakaraan. Kahit paano ay sang-ayon siya sa tatay niya. Importanteng isipin niya ang kinabukasan niya ngayong nag-iisa na lang siya sa buhay. Pero hindi rin siguro masama kung alalahanin niya ang magulang paminsan-minsan.

Tanggap niya na noon pa na malapit na itong mamatay. Kaya kahit paano ay hindi ganoon kasakit sa loob niya ang pagkawala nito. Buhay pa lang ito ay iniyakan niya na. Simula pa noong magdesisyon itong huwag nang magpagamot kahit anong tanggi niya sa gusto nito. Bone cancer ang ikinamatay ng ama.

Ang akala nila, pangmayaman lang ang sakit na iyon. Akalain mong nadali pati ang tatay niya?

Huli na nang malaman nila na may sakit ito. Wala nang saysay kung gagamutin. Mahal din kung magpapa-chemotherapy sila. Ito na rin mismo ang umayaw dahil magastos iyon. Labag ang lahat ng iyon sa kalooban niya. Pero wala siyang nagawa. Hindi kasi sila nagpapa-annual check up. Malay ba nilang importante pala iyon?

Para sa mga mahihirap na katulad nila, hindi

uso ang annual check up. Everyday tong-its, oo. Presidente ang tatay niya roon, eh. Negosyo nila iyon. Nagpaparenta sila ng mga baraha sa mga kapitbahay nila. Fifty pesos per deck. Mabenta iyon sa mga kapitbahay nila.

Minsan, sinumbatan niya pa kunwari ang tatay niya na para na rin itong nagdesisyon na iwan siyang nag-iisa sa mundo nang magdesisyon itong huwag magpagamot. Pero may rason ang magaling niyang pudra in an instant. Na-solve na raw nito iyon bago pa siya mag-open up. Hindi siya mag-iisa at sisiguraduhin umano nito na kahit wala na ito ay mabubuhay pa rin si Yara nang hindi naghihirap. Ito nga ang dahilan kung bakit siya nag-iimpake, susunduin na siya ng guardian niya.

Siya lang yata ang twenty-three years old na may guardian pa. Susme! Kung tutuusin ay maaari siyang umayaw, kaso ay pinilit siya. Nagbanta pa itong mumultuhin siya kapag hindi siya pumayag. Takot pa naman siya sa multo. Kaya umoo siya.

At sino siya para suwayin ang hiling ng isang mamamatay na? May word of honor siya. Nakakain man iyon o hindi, alam niyang mayroon siya niyon sa katawan.

Kaya, 'Tay, huwag na huwag kang magrereklamo

diyan kapag inaalala kita. Alam mong matigas ang ulo ko. Napangiti si Yara. Nakikini-kinita niya nang tumitirik ang mata nito sa langit dahil sa rason niya.

“Naku, Ateng, ang smile i-suppress! Nahahalatang excited ka.” Naputol ang iniisip niya nang magsalita si Mars.

“Lokah! Iba ang iniisip ko. Hindi iyon!”

“Ah, sus! Denial queen ka pa. Oks lang ’yan, Ateng. Ako man ang lumagay sa *Cinderella* shoes mo, aba, nag-iilusyon na siguro ako simula nang sabihin sa ’kin na mayaman ang guardian angel ko. Kahit siguro naglulupasay ako sa iyak habang nililibing si Itay ay go-ra pa rin ako sa pag-iilusyon.”

Hinampas niya ito ng nadampot na hanger.

“Shet naman, Ateng, my skin! Alagang *Safeguard* ’to! Mahal ’yun, ah!” maarteng sigaw nito habang hinihimas ang brasong nasaktan.

“O sige, palit tayo ng posisyon! Ikaw ang mawalan ng tatay at tumira sa bahay na hindi mo knows ang mga tao, gusto mo?” Pinandilatan niya ito.

“Huwag na lang! Baka mamaya kasing-ugali mo pa ang mga tao d’un sa bahay na bato. Kuwago.”

“Isang lait pa at hindi lang hanger ang dadapo

sa braso mo,” banta ni Yara. Nang tumahimik ito ay nilapag niya na ang hanger at isinara ang bag. Sinasabayan niya iyon ng dasal na sana ay hindi mapunit ang bag at tumopak ang zipper. Kung minsan kasi ay hindi iyon sumasara. Kailangan niya pang pukpukin ng pagkarami-raming beses bago sumara.

“Hay salamat!” bulalas niya nang sumara ang zipper hanggang sa pinakadulo.

“Eh, paano ’tong humble home mo? Bayad ka na para sa susunod na buwan nito, di ba?” tanong ni Mars.

“Caretaker ko na ang nanay mo. ’Andito pa din kasi ang ibang gamit ko. Di ko pa alam kung saan ko ilalagay. Pag-iisipan ko pa. Tatal may isang buwan pa naman ako bago lumipat ang bagong uupa nitong bahay. ’Yung mga baraha pinahawak ko sa tatay mo. Pupunta-punta pa rin naman ako dito para kunin ang benta sa mga iyon.” Lumabas siya at minasdan ang simpleng bahay na simula pa lang pagkabata ay inuupahan na nila ng tatay niya.

“Pinaubaya mo sa parents ko at sa akin ay hindi?” Naghihinakit kunwari ang boses ng kaibigan.

“Ano ’yan, becks? Bitter-bitter-an mode? Ang drama mo!” Marahan niya itong binatang. “Siyempre

may tiwala ako sa 'yo. Sa kalandian mo lang, wala. Baka mamaya kapag sa 'yo ko 'to ipagkatiwala, mapuno ng mga lalaki sa loob ng bahay at maubos sa mga fafa mo ang service fee ng mga baraha. Eh ikaw, konting himas lang ng lalaki, nawiwindang ang utak pati apdo mo!”

Humaba ang nguso nito. “Pero dito ako matutulog! Hanggang sa matapos ang binayad mo. Sayang naman kung walang gagamit,” giit nito na inanyayahan ang sarili.

“Oo na! Para namang kapag humindi ako, eh susundin mo. Basta, bakla, walang kahalayan, ha? Mumultuhin ka ng tatay ko.”

“Oo na! Uy, Ateng,” anitong may nalalaman pang hampas sa braso niya. “Padalawin mo naman ako d’un sa bahay na bato ng guardian angel mo *samtayms*. Para naman makagala ang byonda ko sa mga byonda ding house.”

“Kelan ka ba naging maganda? Eh, ang chakarat kaya ng mukha mo?” panlalait niya.

Humaba ang nguso ni Mars. Tila inapi hindi lang ni *Clara*, kundi maging ni *Mara*.

Natawa siya. “Oo na! Siyempre naman, 'no! Ikaw pa, eh, BFF kita.”

“Ahay!” Pumalakpak ito sa ere. “Sige, alis ka na! Anong oras daw ba ang dating ng school bus mo?” tukoy nito sa susundo sa kanya.

Napailing na lang si Yara sa kabaklaan ng bakla. “Nag-text sa ’kin kanina, on the way na daw. Pero baka matatagalan pa. Maliligaw pa iyon tiyak dito sa ’tin at magdadalawang-isip kung papasok sa magulong daan,” siguradong sagot niya.

Pero bago pa man makapagsalita si Mars ay narinig na nila ang pagkatok ng kung sino sa pinto nila. Kasunod niyon ay ang mahinhing, “Tao po!” ng isang babae.

“Ayan na yata si Queen Elizabeth, Ateng.”

Hindi Queen Elizabeth ang pangalan ng guardian ni Yara kundi Sandra Medrano. Dating amo ito ng tatay niya. Hardinero ang kanyang ama noon. Hindi niya na kailangang itanong kung bakit napapayag ng tatay niya ang babae sa request nitong dito siya manirahan at ito ang maging babysitter niya. Alam niya ang istorya ng dalawa. Kahit Luzon at Mindanao ang agwat ng kayamanan ng dalawa, naging malapit ang mga ito sa isa’t isa.

Tumatanaw ng utang na loob si Sandra sa tatay

niya. Ngunit sa totoo lang, kung siya ang lumagay sa pamosong shoes ni Queen Elizabeth, este ni Sandra, hindi na siya tatanaw ng utang ng loob sa tatay niya. Pero siguro, mabait lang talaga ang babae.

In fairness, "Tay, bilib na 'ko sa kakapalan ng mukha n'yong humingi ng pabor sa mga richie rich, huh?" naisip ni Yara habang binabagtas nila ang daan habang nakasakay sa kumikinang na kotse nito.

Nasa likuran sila at katabi niya ang babae na nang lumarga sila ay tahimik na. May driver itong kasama nang pumunta sa bahay nila na nakauniporme pa at ngayon ay nasa harap na ng manibela. Naks naman!

Ano kaya ang itatawag niya rito? Aling Sandra? Parang ang pangit naman yata considering na nakauniporme ang driver nito. Mother Sandy? Mas lalo namang masagwa. Mukhang pangalan ng mamasan. Baka itakwil siya ng di-oras hindi pa man siya nakakatuntong sa hagdanan ng mansyon nito.

For the first time in the history of the Philippines, bigla siyang nakaramdam ng pagkailang. Naumid ang dila ni Yara at kung naging lalaki siya, baka pati Adam's apple ay nalunok niya na. Sino ba naman ang hindi kung ang makakatabi mo sa loob ng mamahaling kotse ay isang tila miyembro ng royal family kung makaasta? Tahimik pa at gamit na gamit

ang proper posture na tinuturo sa mga eskwelahan.

“Ahm...” she cleared her throat, “ano po... eh—”

“You can call me ‘Tita Sandy’ or ‘Tita Sandra’, Yara,” nakangiting saad ng ginang na nahalatang hindi siya makapagsimula ng sasabihin niya.

Hay, salamat!

“Eh, Tita, okay lang po ba sa pamilya n’yo ang pagtira ko sa inyo?” mahinhing tanong niya. Saka na muna niya ipapakita ang kakapalan ng mukha at kadaldalan niya kapag close na sila nito.

Ewan niya ba. May somewhat magnet ang kagalang-galang na ginang para magawa nito iyon sa kanya. Ang alam niya ay nasa mid-forties na ito, pero mukhang early thirties lang dahil na rin maalaga sa mukha at katawan. Mahihiya ultimo ang malanding bakla kapag ito na ang kaharap. Titiklop ang mga pakpak at yuyuko rito.

Ngumiti ulit ito, iyong mala-*Mona Lisa*. “My husband died three years ago. Anak ko na lang ang kasama ko sa bahay. He doesn’t know about you yet. Nasa business trip pa siya sa ngayon at bukas pa ang balik. But I’m sure, it’ll be okay. Don’t worry.”

Kabado siyang ngumiti. Magiging okay nga

True Love - Jean Mae Oryza

kaya? Siguro. Kung hindi alam ng anak nito ang history. Pero kung alam nito, nakah! *Mara* at *Clara* ang kalalabasan ng buhay niya. Pero hindi naman siya papayag na paapi na lang. Wala sa bokabularyo ni Yara ang salitang ‘api’! Idol niya yata si Gabriela Silang at maging si Andres Bonifacio.

2

Kulang ang salitang ‘wow’ kung reaksyon at reaksyon lang din naman ang pag-uusapan nang makita ni Yara ang bahay na bago niyang titirhan. Hindi ito bahay na bato gaya ng sabi ni Mars, bahay na salamin yata. Puro ganoon ang nakikita niya sa paligid. Out-of-place ang get-up niyang t-shirt na nabili niya sa children’s section sa mall nang minsang mag-sale iyon, pantalon niyang antique at *Converse* shoes niyang binili sa ukay-ukay.

“Tita, sobrang familiar nitong bahay n’yo. Parang nakita ko na somewhere out there,” hindi niya napigilang komento habang nakasunod siya sa babae at paakyat na ng paikot na hagdanan. Pinipigilan niyang huwag lumabas ang kabaklaan niya, pero kung minsan ay *wiz* niya kerri ang magpaka-demure. Ibaba niya na lang sa level two kahit paano.

“Maybe because this house was used for a movie— twice or thrice, I think.”

“Wow! Artistahin pala ang bahay n’yo, Tita!” Nanlalaki pati butas ng ilong niya habang ginagala ang paningin sa kabuuan ng bahay.

She heard the lady chuckled. *Aba! Marunong din pala itong maka-determine ng joke.*

Humarap ito sa kanya nang nasa harap na sila ng isang pinto. Nakangiti ang babae. “Alam mo, you remind me so much of your father. Pinapatawa ako n’un lagi nang walang kahirap-hirap.”

May humaplos sa puso niya sa narinig. Aminado si Yara sa sinabi nito dahil ang tatay niya ang kinalakihan niya simula’t sapul pa. Namatay ang kanyang ina pagkatapos siya nitong ilabas sa earth. Kaya ang ama na rin ang tumayong nanay niya. Dito niya nakuha ang kakapalan ng mukha, kadaldalan at pagiging palaban niya.

“Yun nga rin po ang sabi nila.”

“I’m sorry about your father,” anito.

“Okay lang ho. Tanggap ko na naman. Mas feel niyang makasama si Lord kaysa sa ’kin.”

Ngumiti ito muli bago binuksan ang pinto. “This will be your room.”

Nalaglag yata ang panga ni Yara nang makita ang loob ng kuwarto. Simula nang pumasok siya ng bakuran ng bahay hanggang ngayon ay panay ang nganga niya. Gaya ng hindi nawawala ang ngiti ng

babae sa kanya.

“Sureness, Tita, kuwarto ko lang po ’to?” Kasinglaki ng kuwarto niya ang dating bahay nila. De carpet pa ang sahig, king size ang bed at kompleto siya sa gamit sa loob ng kuwarto. Sa mga pelikula niya lang nakikita ang ganito kagandang silid! Noon ay pinapangarap niya lang iyon, pero ngayon ay heto at nakatapak na siya sa dream room niya!

“Oo, hija. Kuwarto mo ’to.”

“Wow!” Kapag siguro inapi siya ng anak ng babae at ikulong sa kuwarto niya ay kerina. Kahit isang taon siyang ikulong doon ay okay lang. Buong puso siyang magpapaapi!

Nakuha ng atensyon niya ang isang malaking frame na nakasabit sa dingding. Isa iyong crosstitched picture ng isang bulaklak na kulay blue-violet. Kahit sino ang titingin noon ay sasabihing gumugol ng napakahabang panahon ang kung sinumang gumawa niyon. There were some shining and glittering accessories that surrounded the flowers. Aakalaing expert sa crosstitching ang may gawa niyon. Ang hirap ng pattern at aabutin yata ng humigit-kumulang isang taon para mabuo ang ganoon kalaking design.

“Gawa ’yan ng dating governess ng anak ko,”

pagbibigay alam ng Tita Sandra niya. Tumabi ito sa kanya at pinagmasdan din ang crosstitch.

“Ang ganda po. Super!” humahangang sabi niya.

Ngumiti ito. “Lia’s fond of flowers. Tinutulungan pa niya ang tatay mo noon sa garden kapag natutulog ang anak ko. In fact, one of the flowers sa garden ay siya ang nagtanim. She’s got a green thumb. Nang i-redesign namin ang landscape ng garden, todo ayaw ang anak ko na tanggalin ang mga tinanim ni Lia. That’s why until now, buhay na buhay pa rin ang violets sa garden. Hindi lang ako ang nag-aalaga noon kundi pati ang anak ko.”

Napatango si Yara. Nabanggit na rin sa kanya paminsan-minsan ng tatay niya ang sinasabing dating governess ng anak nito. Mabait nga raw si Lia at masayahin.

Kampanteng nakapatong sa armrest ng sofa ang mga paa ni Yara habang busy-busy-han naman ang beauty niya sa pagbabasa ng Tagalog pocketbook na naharbat niya kanina sa kinaibigang katulong na si Ising. Wala siyang magawa sa bahay at dahil Linggo, napagpasyahan niyang magbasa na lang.

“Who are you?” Dumagundong sa buong bahay

ang boses na iyon ng lalaki sa kasagsagan ng kilig niya sa binabasa.

“Ay, baklitang marikit!” Sa pagmamadaling bumangon ay na-out-of-balance si Yara at sa kasawiang palad ay nahulog sa sofa. Nauna ang pang-upo niyang puwedeng ipanlaban kay Jennifer Lopez. “Shet ang behind ko! Ano ba!” singhal niya sa nagmamay-ari ng boses habang sapo-sapo ang *wetpu*. Magtatalak pa sana siya with all her might, pero nalunok niya ang dila nang makita ang lalaking nakatayo sa may pintuan.

Nalaglag ang panga niya. May aparisyon yatang nangyayari! Bumaba mula sa bundok ng *Olympus* si Adonis at iniwan si Aphrodite para lang sa kanya! Hindi ito gaanong kaputian na gaya ng sa hilaw na bangus, pero hindi rin naman masasabing moreno. Medyo makapal ang mga kilay, mas matangos ang ilong nito kaysa sa kanya at red lips na aakalain mong nag-apply ng lipstick. At higit sa lahat, nagmamalaki ang cleft chin nito na ang sabi pa ay nangangahulugang habulin ng mga babae. Sa hitsura ng kaharap, kahit siguro babaeng aso ay hahabol dito. Ahay! Bongga! Pero sandali lang, bakit parang galit yata ito?

Gaga! Tumayo ka nga diyan, ilusyunada ka na

naman! Nagmumukha kang palengkerang nalugi! saway ng maepal na parte ng kanyang mind na salamat naman at nagpagising sa nawindang na other part.

“I didn’t know that maids can rest here with their feet up on the sofa.”

Ano raw? Sinong maid? Siya? Aba, aba, aba! Naghahanap ng away ang Adonis na ito!

Kaagad siyang tumayo at parang si *Rambo* na lumapit dito. “Ah, mister... linawin natin isa-isa ang mga issue, puwede? First,” itinaas niya ang hintuturo, “wiz kita knows. Second,” she raised her middle finger this time, “hindi ko alam kung bakit nakapasok ka na lang dito basta-basta. Siguro bakla ang security guard namin at nadala sa pagpapa-cute mo. Third,” sabay angat ng ring finger niya, “hindi ka dapat nanggugulat ng gan’un-gan’un na lang. And fourth!” index finger naman, “hindi ako maid dito. Makahalata ka naman, sa ganda kong ’to?” Isinahod ni Yara ang baba niya gamit ang kamay na pinambilang niya kanina.

“Then, who are you?” Magkasalubong pa rin ang mga kilay nito.

“I’m one of the *amo*’s here. My name is Yara,”

taas-noong sagot niya.

Taas lang ng kilay ang sinagot nito. Pagkatapos ay mapang-uyam na ngumiti. “Since when did this house have an *amo* like you?”

“Aba’t—”

“Nate!”

Naputol ang sana ay speech ni Yara nang marinig ang boses ni Tita Sandra na ngayon ay pababa na ng hagdanan. Nagmamadali ito at halatang excited.

Nate? Sino itech?

“Ma...” sagot ng lalaki at sinalubong ang matandang babae.

Ma? As in mother? Mudra?

“What took you so long? You’re supposed to be here by lunch time. Pero anong oras na?” sagot ni Tita Sandra pagkatapos nitong yakapin ang lalaki.

“Delayed ang flight, Mom.”

Lahat ng iyon ay na-*sight* ng beautiful eyes niya. Napakagat siya ng labi nang matiyak na anak nga ng Tita Sandra ang in-okray niya. *Goodness gracious glamorous!* Akala niya ba ay babae ang anak nito? Bakit isa palang Adonis? Ano kayang masamang

espiritu ang sumapi sa kanya at ganoon ang in-assume niya ukol sa anak nito?

Napatapik siya sa noo niya at napapikit ng mga mata. *Ang shongak mo, Acheng!* Eh, malay niya ba?

“Who’s this crazy girl here, Mom?”

Napadilat siya sa narinig na sinabi ng lalaki. Crazy? Nasaan ang baliw? Bago niya pa magala ang mga mata niya sa loob ng bahay ay napansin niya nang sa kanya nakatutok ang tingin ng bagong dating.

“Oh, she’s Yara, honey. Dito na siya maninirahan sa ’tin mula ngayon. Her father died at nag-iisa na lang siya sa buhay.”

“Kelan pa naging orphanage ang bahay natin?”

“Her father asked me to take care of her. May utang na loob ako sa tatay niya kaya pumayag ako. Isa pa, alam mong hindi ka puwedeng humindi sa taong malapit nang mamatay.”

“Who is her father?” nagdududang tanong nito.

Ito na nga ba ang sinasabi niya. Nakagat ni Yara ang kuko niya sa kamay habang hinihintay ang sagot ni Tita Sandra. Naramdaman niya ang pagkabog ng dibdib nang makita ang tila pag-aalangan din nito na sagutin ang anak.

“Kaninong anak siya, Ma?” ulit nito, may diin na sa bawat salita.

“K-kay G-Gabriel. S-sa dating hardinero natin.” Yumuko agad ang babae.

“What!” Dumagundong ang boses ni Nate sa buong bahay. “Pinatira mo dito ang anak ng lalaking muntik nang maging dahilan ng pagkawatak ng pamilyang ’to?”

This time ay hindi lang kuko ang nakagat niya, nasama pati dila niya. “Aray!” sigaw ni Yara sanhi para tingnan siya ng mag-ina.

3

“How you can let that woman stay here, Mom? At sa kuwarto pa ni Miss Lia? No way! I can’t let her ruin that room!”

Rinig na rinig ni Yara ang malakas na boses ni Nate na napag-alaman niyang ‘Nathaniel Conrad’ pala ang buong pangalan. Kanina pa ang mga ito sa study room ng dating ama ng lalaki. Hindi na siya nakatagal sa paghihintay sa sala kaya lumapit na siya at nakiusyoso. At iyon nga ang bumungad sa kanya—ang pagsigaw ng lalaki sa ina nito. Kung hindi ba naman napakawalang modo. Matigas ang ulo niya pero ni minsan ay hindi niya sinigawan ang tatay niya.

At pati ba paggamit ng kuwarto ng Miss Lia nito ay big deal din para sa lalaking iyon? Kunsabagay, may rason ang lalaki para maging ganoon ang reaksyon nito.

Marahas siyang napabuntong-hininga. Iyon na nga ba ang ikinakatakot niya kapag tumira siya roon. Tiyak na malaking issue sa anak nito. Alam nilang lahat na masalimuot dati ang relasyon ni Tita Sandra sa tatay niya. Napagbintangan ang mga ito na may

relasyon noon. Five years old noon si Nathaniel at si Yara naman ay hindi pa ipinapanganak sa mundo.

Pero hindi gaya ng tingin ng iba, wholesome ang relasyon ng mag-amo. Malapit lang talaga ang dalawa dahil ang isa't isa ang hingahan ng sama ng loob. Tita Sandra was having problems with Nate's dad then. Masyadong abala sa negosyo ang huli at napapabayaang na ang pamilya.

Ang tatay naman ni Yara noon ay namomroblema sa lovelife nito. Kabe-break lang nito sa nanay niya noon. Nagtagpo ang dalawa at dito nila natagpuan ang kakampi sa isa't isa. Siyempre pa, dahil maganda si Tita Sandra at mabait, na-in love dito ang tatay niya. Nagdeklara ito ng pag-ibig sa amo kahit alam nitong mali.

Mabuti na lang at hindi kasing-baliw ng tatay niya ang babae. Tinanggihan nito ang love ng kanyang ama. Eh kaso, nagdrama ang tatay ni Yara. Gumawa ng isang bagay na ginagawa ng mga lalaking nababasted: niyakap nito si Tita Sandra at tinangkang halikan. *Tarush* ang eksena! Pang-soap opera ang dating.

Mas nagmukhang soap opera pa dahil iyon ang naabutan ng daddy ni Nate. Nagwala ang lalaki at umaatikabong suntukan agad ang nangyari. To cut

the long story short, pinalayas ng daddy ni Nate si Tita Sandra. Pansamantala itong nanirahan sa tatay niya.

Nakonsyensya si Gabriel dahil araw-araw nitong nakikita na malungkot si Sandra. Alam nitong mahal ng babae ang pamilya nito.

Hindi niya alam kung ano ang nangyari. Pero sa tulong na rin ng tatay niya at ni Miss Lia noon, nagkabalikan ang dalawa. Naniwala ang ama ni Nate na walang namagitan sa tatay niya at sa asawa nito.

Ang tatay niya, pagkatapos ng halos ilang buwan ay napagtantong mahal pa rin ang nanay ni Yara. Nagkabalikan ang mga ito pagkatapos ng pamatay na panunuyo ng ama. And they lived happily ever after, gaya ng ending ng fairy tales.

“Nakapangako ako kay Gabriel, Nate. Hindi siya puwedeng umalis dito,” saad ni Sandra.

“Kung buhay lang si Dad, hindi niya papayagan na tumira ang babaeng ’yan dito!”

“Kung buhay ang daddy mo, maiintindihan niya ’ko. Papayag siyang dito tumira si Yara.”

“Baka nakakalimutan n’yo kung ano’ng ginawa ng tatay niyan sa pamilya natin? Paano kung tayo na

naman ang sirain niya?”

“Hindi gan’ung klaseng babae si Yara. Mabait siya.”

“Yeah, right. Kakikilala mo lang sa kanya ngayon, Ma! Kita mo nga ang nangyayari sa ’tin ngayon. Nagtatalo tayo ng dahil lamang sa babaeng ’yun!”

“Hinuhusgahan mo kasi siya kaagad, hindi mo pa nga nakikilala nang lubos.”

“At siya ay kilala mo, gan’un? Ang kapal naman ng mukha ng lalaking ’yun para hingan ka ng pabor after all the troubles he’d caused us.”

Naikuyom niya ang dalawang palad dahil sa pang-iinsulto ng lalaki. Insultuhin na siya nito, huwag lang ang tatay niya. Akala mo kung sinong santo at hindi nagkakasala! Hindi niya napigilan ang sarili. Umepal na siya. Walang paalam na pumasok siya sa loob.

“Excuse me lang po. Eeksena lang, puwede?” singit ni Yara na nagpagulat sa dalawa. Hinarap niya ang magaling na lalaki. “Hindi mo na kailangang awayin ang nanay mo. Kung di mo ’ko gusto, eh, di hindi! Para namang sasakit ang tiyan ko kapag di mo ’ko ginusto.” Umismid pa siya rito. Para itong namatanda sa ginawa niya. “Hindi ko ipagpipilitan

ang sarili ko kung ayaw mo 'ko dito. Mapilit lang ang tatay ko at kahit patay na siya, ginagalang ko pa rin siya kaya sinusunod ko ang gusto niya. Ikaw, may galang ka ba sa nanay mo? Obviously, wala. Kasi kung may respeto ka nga, hindi mo siya sisigawan ng ganyan.

“Past is past, hijo. Nakapag-move on na ang tatay ko. Ipinanganak na nga ako! Pinagsisihan niya na ang ginawa niya matagal na. Kaya pinatawad na siya ng nanay at tatay mo. Eh, ikaw? Ano pa'ng ipinagpuputok ng butse mo? Hindi naman tuluyang naghiwalay ang mga magulang mo, ah! Nagkaayos din sila dahil din sa tatay ko. Surely, alam mo 'yun. Siguro naman pinaliwanag na sa 'yo ang lahat-lahat? Huwag makitid ang ulo, mister. Nahahalatang masama ang ugali mo.”

Ang payo ng tatay niya, kapag may ginawa kang kakapalan ng mukha, umeskapo ka na agad bago ka pa mapahiya. Kaya pagkatapos ng mahabang speech ay tumalikod na siya. Umakyat siya ng hagdanan. Derecho sa kuwarto niyang isang gabi niya pa lang nagagamit at pagkatapos ay nilabas ang mga damit niya mula sa cabinet. Kung magkakaroon lang ng problema sa pananatili niya roon, mabuti pang umalis na lang siya.

Pagkatapos maisilid ang lahat ng damit sa bag ay isinara niya na iyon. Pero naka-schedule yata na topakin ang zipper ng bag niya ngayon. Nasira iyon dahil sa pagmamadali niya.

“Shit! Magsara ka naman!” Tinangka ni Yara na isara ito muli pero wala pa ring nangyari. “Naman, eh!” Sa inis ay pinasya niyang umalis na lang kahit hindi pa sarado ang bag niya.

Pababa na siya ng hagdanan nang salubungin siya ni Tita Sandra. Nakita niya ang pag-aalala sa mukha nito pero nilagpasan niya lamang ito.

“Hija, you don’t have to do this,” anito.

“Tita, ayoko namang mag-away kayo dahil sa akin.”

“Saan ka pupunta niyan?”

“Bahala na ho.” Hindi niya rin alam sa totoo lang. May isang buwan pa naman siyang natitira sa bahay nila bago dumating ang bagong uupa roon. Pagkatapos niyon, hindi niya na alam kung saan siya matutulog.

“But I thought wala na ’yung inuupahan n’yong bahay? Saan ka makikituloy?”

“Marami naman ho akong kaibigan na tutulong

sa 'kin.”

Puwede siyang makisiksik kina Mars. Alam niyang maaasahan niya ang bakla sa mga ganitong panahon. Siguro naman ay hindi na siya mumultuhin ng tatay niya. Hindi siya ang umayaw sa request nito kundi ang anak ng hiningan nito ng pabor.

“But why asked for their help kung puwede ka naman dito? I promised your father na ako’ng bahala sa ’yo. At hindi matatahimik ang konsyensya ko na nakikita kitang naghihirap gayong alam kong may magagawa ako para—”

“Sanay ho ako sa hirap,” putol niya sa babae. Binuksan niya ang pinto ng bahay.

“Pero pumayag na si Nate na dito ka tumira!” natatarantang sabi nito.

Natigilan siya at napaharap rito, nagtataka ang expression sa mukha.

“Yes, hija. Napapayag ko na siyang dito ka tumira!”

Kumunot ang noo niya. “Ano po’ng sinabi n’yo?”

Something was not right. Wala pang kalahating oras mula nang marinig niyang nagsisisigaw ang lalaking iyon na hindi siya nito gustong makasama

roon. Pagkatapos ngayon ay biglang pumayag na lang? Nakakapagtaka naman yata.

“I told him na wala ka nang iba pang puwedeng asahan at hingan ng tulong kundi ako lang. That you’re homeless.”

“Iyon lang po?”

Tumango ito. “Nate’s not that bad, hija. Mabait iyon. He loves me at sa kabila ng lahat, hindi niya ’ko kayang tiisin. Nabigla lang siya kanina.”

Marahas siyang napahinga, pagkatapos ay umiling. “Ewan ko ho, Tita. Parang ang hirap pa ring paniwalaan. Rinig na rinig ko po kanina ang mga pinagsasabi niya. ’Tapos ngayon ay biglang okay na ang lahat? Payag na siya kaagad?”

“Believe it, woman.”

Napapitlag siya nang marinig niya ang tinig ng lalaki mula sa likuran niya. Naroon pala ito at ni hindi niya man lang naramdaman. Paano ito napunta sa labas ng bahay? Wala ito kanina nang buksan niya ang pinto, ah! Sa lalaki siya napaharap. Nakapamulsa ito at blangko ang mukhang nakatingin lang sa kanya.

Nagsukatan sila ng tingin bago ito napatingin sa paanan niya. Dumukwang ito at tila may dadamputing

bagay. Sinundan niya ito ng tingin at biglang uminit ang mga pisngi niya nang makita kung ano ang dinampot nito—ang bra niya! Inis na hinablot niya iyon nang abutin ng lalaki sa kanya.

“Sa susunod na mag-iimpake ka, siguraduhin mo munang nakasara ang bag mo bago ka umalis. Nalalaglag ang mga hindi dapat nalalaglag, eh.” Hindi ito ngumingiti, pero kitang-kita niya sa mga mata nito na gustung-gusto na nitong humagalpak sa tawa.

Paniningkit lang ng mga mata ang tanging nagawa ni Yara.

“Saan ka galing?”

Napaigtad si Yara nang marinig ang sumulpot na boses na iyon mula sa kung saan bago pa man siya makapasok ng library. Katatapos niya lang maki-chika kay Ising at nang mapadaan siya sa library ay naisipan niyang pumasok para tingnan kung may English paperbacks na puwedeng basahin.

Kahit hindi niya pa nakikita ay alam niya na kung kaninong boses iyon. Napasimangot siya bago humarap sa lalaki. “Anong saan ako galing? Baka ibig mong sabihin ay saan ako pupunta?” pagtatama niya.

“Alam kong papasok ka ng library, bakit ko pa iyon tatanungin? Ang tinatanong ko ay kung saan ka nanggaling?” Tuluyan na itong lumapit sa kanya. Nakasuot na ito ng cargo shorts at t-shirt.

Nagsalubong ang kilay niya. “Ano ’to? Pakialamanan session? Bawal ba ’kong gumala sa bahay n’yo at kailangan ko pang magpaalam sa ’yo twenty-four seven?”

Humalukipkip si Nate sa harapan niya. “Sa pagkakatanda ko, pumayag lang akong tumira ka dito. Hindi ang sagut-sagutin ako gaya ng ginagawa mo ngayon.”

Natameme siya.

“Maayos akong nagtatanong kung saan ka nanggaling. Bigla ka na lang nawala pagkatapos mong iakyat ang mga gamit sa kuwarto mo.”

“Kay Ising. Sa laundry area,” pabalang na sagot niya.

Alam niyang nagmumukha siyang kontrabida sa ginagawa niya dahil siya na nga itong pinatira roon, siya pa itong makapal ang mukhang magsuplada. Pero hindi niya makayang makipagmabutihan sa lalaking kaharap. Hindi pa rin maalis-alis sa dibdib niya ang pagdududa sa mabilis nitong pagbabago ng

isip. Feel na feel din niyang hindi siya nito gusto roon. Ma-PR lang siya, pero hindi siya Miss Congeniality para makipagplastikan dito.

Nakita niya ang marahan nitong pagtango. “Akala ko umalis ka na at iniwan na lang ang mga gamit mo.”

Sinasabi na nga ba niya! Naniningkit ang mga matang sinalubong ni Yara ang tingin ng lalaki. May nakikita siyang something sa mga mata nito na hindi niya malaman kung ano. “Ikaw nga ay magsabi sa ’kin ng totoo. Prangkahan lang! Tatal naman, tayo-tayo lang ngayon....” Inisang hakbang niya ang pagitan nila para mas lalo silang magkalapit. Iyong sobrang lapit. “Bakit biglang-bigla ay pumayag kang dito ako tumira? Ano ba’ng binabalak mo?” nang-uusig na tanong niya.

Pero wala iyong effect sa lalaki. Kumibit pa ito ng balikat. “Ayoko lang ng binibigyan ng sama ng loob si Mama. I’ve seen how much she suffered when I was five years old. N’ung pinilit siyang palayasin ni Papa kahit ano’ng paliwanag ang gawin niya. Just because some man wanted her to be his girl,” puno ng kahulugang sabi nito at inilapit pa ang mukha sa kanya.

Napaatras siya agad sa ginawa nito. Biglang

tumahip ang dibdib niya sa hindi malamang kadahilanan. Nag-evaporate din bigla ang katarayan sa katawan niya. Siguro ay dahil kuhang-kuha niya ang gusto nitong sabihin. O puwede ring dahil sa nalalanghap niyang fresh breath nito na amoy-toothpaste.

“I’ve seen it with my very own eyes, lady. Hindi ikaw ang nandoon nang kinaladkad ng papa ko si Mama dahil lang sa isang maling paniniwala. Isang paniniwala na ang tatay mo mismo ang may gawa. Kaya wala kang karapatang sabihin sa ’kin na naka-move on na ang lahat at ako ay hindi pa. Hindi ikaw ang muntik nang nasiraan ng pamilya. Hindi ikaw ang nasaktan at nakakita na nahihirapan ang mga magulang mo. Sa batang isip ko, ’and’un ang takot na baka mawalan na ’ko ng mga magulang.”

Napalunok si Yara ng pagkarami-raming laway. Kung puwede lang sanang mag-disappearing act sa harap nito ay ginawa niya na. Mariin ang pagkakabigkas nito sa bawat salita.

“Hindi ko alam kung ano ang pinakain n’yo sa mama ko at sa kabila ng lahat ay nakuha pa niyang tulungan ang ama mo. My mother wanted to help you badly; refusing you would break her heart. So you can stay here for as long as you want even if it’s

True Love - Jean Mae Oryza

against my will. Hindi ikaw ang magiging dahilan para magkaroon siya ng sama ng loob sa 'kin. Isa lang ang sisiguraduhin ko, kung aalis ka man sa bahay na 'to, hindi dahil umayaw ako... kundi dahil ikaw mismo ang umayaw.”

Iyon lang at bigla siya nitong iniwan. Tanging ang mabangong amoy nito ang naiwan sa ilong niya.

Natutop ni Yara sa dibdib. Mabilis pa rin ang tibok ng puso niya.